Pindutin ang Home icon para bumalik sa Talaan ng Nilalaman

BAITANG 7 | YUNIT 10

# Paalam sa Pagkabata

Bilang isang akdang pampanitikan, ang maikling kuwento ay bunga ng malikhaing guniguning nakasalig sa tunay na mga pangyayaring pinagdaanan, o pinagdaraanan, ng may-akda nito. Dahil unibersal na kultura ang paglikha at pagpapayaman ng mga maiikling katha, nagdudulot ito ng pagsalamin sa makabuluhang karanasan ng sanlibutan sa pamamagitan ng pinagsama-samang indibiduwal at kolektibong karanasan ng mga manunulat at karkter ng kanilang akda.


Sa Pilipinas, isa sa pinakamayabong na sangay ng panitikang maikling kuwento ay ang literaturang Kabisayaan. Ayon sa Ilonggong kritiko at manunulat na si Lucila Hosillos, may buhay na ugnayan ang mga bituka at hininga ng mga panitikan sa rehiyon at pambansa. Sa ganitong paraan, maituturing na interaktibo, halimbawa na, ang panitikan ng Kabisayaan sa sinomang mambabasa sa alinmang panig ng kapuluan dahil ang may-akda ay nangungusap sa mga mambabasa sa pamamagitan ng pangkalahatang kaisipan at aral ng kaniyang akda.

Ang "Paalam sa Pagkabata" ay isang maikling kuwentong isinalin ni Nazareno D. Bas sa Filipino mula sa orihinal na akdang "Panamilit sa Kabantanon" ni Santiago Pepito sa wikang Cebuano. Ito ay isa lamang sa mayamang bilang ng maiikling katha mula sa Kabisayaan, kasama ng iba pang akda sa wikang Hiligaynon, Kinaray-a, Aklanon, at Waray.

Saklaw ng pag-aaral sa yunit na ito ang isang kuwentong nagmula sa Kabisayaan, at kung paano masusuri ang kabuuan ng kuwento

batay sa mga elementong taglay nito. Pag-aaralan natin ang paraan ng pagpapakahulugan sa pamamagitan ng kontekstuwal na pahiwatig at mga pang-ugnay na

maaaring gamitin sa paglalahad ng mga pangyayari at pagtatahi ng isang maayos na salaysay. Gayundin, gamit ang mga kasanayan at kaalaman mula sa mga naunang aralin ay darako tayo sa pagsulat ngsariling kuwento gamit ang



## Basahin Natin

### PAALAM SA PAGKABATA

salin ni Nazareno D. Bas
(mula sa "Panamilit sa Kabantanon" ni Santiago Pepito)



Wala akong nakikitang pagbabago. Tulad nang nagdaang mga madaling-araw: ang ginaw, katahimikan, at dilim, iyon pa rin ang bumubuo ng daigdig ng aking kamalayan. Maraming bagay ang dapat mailarawan. Ngunit alam kong iisa lamang ang kahulugan ng mga iyon. Alam ko.

Sa kabilang silid, sa kuwarto nina nanay at tatay, naririnig ko ang pigil na paghikbi. Umiiyak na naman si nanay. Ang sunod-sunod na paghikbi ay tila pandagdag sa kalungkutan ng daigdig. Napabuntong-hininga ako. Umiiling-iling. Hanggang ngayon, hindi ko pa nakikita ang tunay na dahilan ng damdaming iyon na matagal nang umaalipin sa kaniya.

Walang malinaw sa aking isipan. Mula sa aking pagkamulat, ang pagkainip ay kakambal ng aking buhay. Sa aking pag-iisa, „di ko maiwasan ang pangarap na magkaroon ng batang kapatid na nag-aangkin ng mabangong hininga at taglay ang ngiti ng isang anghel. Ngunit, ang damdamin ko ay tila tigang na lupang pinagkaitan ng ulan.

Maliwanag na ang silangan nang ako"y bumangon. May bago na namang umaga. Ngunit ang tanawin sa bahay ay walang pagbabago. Tulad ng dati, nakikita ko si nanay na 

Copyright © 2018 Quipper Limited

nakaupo at nag-iisip sa may hagdanan. Nakatitig siya sa sampayan ng lambat ni tatay, at madalas ang kaniyang pagbubuntong-hininga.

Matagal ko nang nakikita ang sampay na lambat. Ngunit hindi ko nakikitang ginagamit ito ni tatay. Noon ay walang itong halaga sa akin. Nagsimula ang pagpansin ko sa lambat noong ito ay itinapon ni nanay mga dalawang taon na ang nakararaan. Galit na galit si tatay sa ginawa ni nanay. Pinagbuhatan ni tatay ng kamay si nanay. Pagkatapos, ipinabalik kay nanay ang lambat sa sampayan.

"Hanggang ngayon ba ay hindi ka pa nakalilimot, Tomas? Alam ng Diyos na wala akong kasalanan. Ang kaniyang ginawa ang siya mong ginagawa tuwing ikaw ay darating sa madaling-araw. Ang kaniyang amoy ay siya ring amoy na galing sa dagat. Magkatulad ang inyong ikinikilos. Sino ang hindi mag-aakala na siya ay hindi ikaw? Huli na nang malaman ko ang katotohanan. Huli na nang siya ay aking makilala. Totoong lumigaw siya sa akin, at mula noon ay alam mo iyon. Ikaw ang aking inibig, Tomas. Kailan mo pa malilimutan ang nangyari?"

Tuluyang umiyak si nanay. Umungol lamang si tatay. Nanlilisik ang mga matang tumingin sa lambat at pagkatapos ay bumaling sa akin. May ibig sabihin ang tingin niyang nag-aapoy. Maliban sa takot na aking nararamdaman ay wala akong naintindihan sa pangyayaring iyon.

Mula noon ay hindi na ginalaw ni nanay ang lambat. Naluma na ito ngunit buong-buo pa rin sa aking paningin. Buong-buo pa rin sa paningin ni nanay. Ano kaya ang misteryong napapaloob sa lambat na iyon? Alam kong alam ni nanay ang hindi ko nalalaman, at kailangang malaman ko ito. May karapatan akong makaalam.

Nilapitan ko si nanay na malalim pa rin ang iniisip. Hinalikan ko ang kaniyang kamay. May ibig akong itanong tungkol sa misteryo ng lambat. Ngunit naudlot ang ibig kong sabihin nang magpatuloy ang kaniyang pagluha. "Lakad na, Celso. Malapit nang dumating ang Tatay mo."

Sa labasan, sumalubong sa akin ang bagong araw. Tumingin ako. Maliwanag ang langit. Langit? May gumugulo sa aking kalooban. Kalawakan. Iyan ang sabi ng aking guro sa ikaapat na baitang ng primarya. Iyan ay hindi langit, kundi hangganan lamang ng pananaw ng tao. Ang langit ay nasa tao. Hindi nakikita. Hindi nahihipo. Hindi naaabot. Naabot na kaya ni nanay ang langit?


Copyright © 2018 Quipper Limited

"Ano pa ang hinihintay mo, Celso?" Ipinahid ko sa mukha ang suot kong sando. Humakbang ako pagkatapos. Maya-maya ay tumakbo na ako nang matulin.

Nasa dalampasigan ang mamimili ng mga isdang dala ng mga bangkang galing sa laot. Masasaya silang nagkukuwentuhan habang hinihintay ang mga mangingisda. Sumalampak ako sa buhangin, malapit sa kinauupuan ng dalawang lalaking may katandaan na. Sa laot ako nakatingin at pinagmamasdan ang galaw ng mga alon na dumagdag sa kagandahan ng kalikasan.

Napalingon ako nang makarinig ng tugtog ng gitara mula sa „di-kalayuang bahay-pawid. Sabay kong narinig ang malungkot na awiting nagsasaad ng kasawian sa pag-ibig. Muli na namang naantig ang aking damdamin. Habang pinakikinggan ko ang malungkot na kundiman, umalingawngaw ang mahinang pag-uusap ng dalawang lalaki sa tabi ko.

"Naririyan na naman siya.Talagang pambihira ang kaniyang pagmamahal. Naniniwala akong nagpapatuloy ang kaniyang pangarap habang „di pa namamatay ang babae sa kaniyang buhay. Hindi nawawala ang kaniyang pag-asa. Kung kailan matutupad ang kaniyang pangarap, Diyos lamang ang nakaaalam."

Dinig na dinig ko ang mga kataga habang nagpapatuloy ang malungkot na kundimang naging bahagi na ng aking buhay. Tumayo ako at ibinaling ang paningin sa bahay-pawid sa lilim ng niyugan. Patuloy ang awitin. Humakbang ako ngunit biglang napatigil sa harap ng dalawang lalaking may katandaan na. Naalala ko ang sabi ni tatay. Bawal pumunta sa bahay-pawid na iyon. Mahigpit ang utos ni tatay. Nagbabanta ng parusa.



Lumingon ako sa laot. Nasa malayo ang mga bangka ng mga mangingisda. Bumaling ako sa pinanggalingan ng awit na ngayon ay gumaganda sa aking pandinig. Para akong hinihila. Nakalimutan ko ang ipinagbabawal ni tatay. Mabilis ang aking paglakad at sa ilang saglit kaharap ko na ang taong


Copyright © 2018 Quipper Limited

naggigitara at umaawit.

May luha ang kaniyang mga mata.Tumitig siya sa akin. Inilapag ang gitara sa ibabaw ng papag na kinauupuan niya. Tumayo siya at dahan-dahang lumapit sa akin. Kinabahan ako. Umakma akong tatakbo, ngunit nahawakan niya ang isa kong kamay. Nagpumiglas ako upang makawala sa kaniyang pagyapos sa akin. Ngunit lalong humigpit ang kaniyang pagyakap. Umiyak ako.

Ngumiti siya at pinahid ang aking mga luha. Hinimas ang aking ulo. Unti-unting lumuwag ang aking paghinga. Nararamdaman ko ang kaniyang pagmamahal nang tumingin ako sa kaniya. Muli niya kong niyapos.

"Dalawin mo akong palagi, ha?"Hindi ako kumibo. Tinitigan ko siya. Ang kaniyang mga mata, ang ilong, ang labi, lahat parang nakita ko na. Saan? Alam ko na, sa salamin. Talagang siya ang nakita ko sa salaming nakasabit sa dingding ng aming bahay.

Napatingin ako sa dalampasigan nang marinig ko ang hiyawan. Nagdatingan na pala ang mga bangka at nag-uunahan ang mga mamimili ng isda. Nagmamadali akong tumakbo upang salubungin si tatay. Malayo pa ako nang makita ko siyang nakatayo sa may dinaungan ng kaniyang bangka. Natanawan niya ako. Masama ang titig niya sa akin. Galit. Kinabahan ako.

"Lapit dito, Celso!" Malakas ang sigaw ni tatay. Nanginginig akong lumapit. Bigla niya akong sinampal."Hindi ko gusto ang batang matigas ang ulo! Hindi lang sampal ang matitikman mo kapag umulit ka pa. Hala, kunin mo ang mga isda at sumunod ka kaagad sa akin!"

Habang naglalakad ay sinalat ko ang pisnging nakatikim ng sampal. Talagang mahirap intindihin si tatay. Wala namang dahilan upang iwasan ko ang taong nasa bahay-pawid. Hindi naman talaga dapat katakutan ang kaniyang mukha at boses. Bakit kaya hinihigpitan ako ni tatay?

Matapos akong mag-almusal, nandoon na naman si tatay sa sampayan ng lambat. Nakatabako at nagtatagpi ng punit na bahagi ng lambat. Alam kong aabutin siya ng tanghali bago matapos ang kaniyang gawain. Matapos makapananghalian, siya ay matutulog. Pagkagising ay maghahapunan athindi pa man ganap ang gabi, balik na naman siya sa dagat. Iyan ang buhay ni tatay, at iyan ang bahagi ng aking buhay.


Copyright © 2018 Quipper Limited

Sa aking kinauupuan sa mga bintana, nakikita ko si nanay na nakaupo sa may hagdanan. Tahimik at nakatingin na naman sa sampayan ng lambat. Luhaan na naman ang kaniyang mga mata. Naaalala ko ang pangyayari noong itinapon ito ni nanay. Lahat may itinatagong kahulugan. Naalaala ko ang nangyari kanina sa dalampasigan. Naalaala ko iyong tao.

Lumapit ako sa salamin sa dingding. Pinagmasdan ko ang aking sarili. Nakita ko sa aking isipan ang mukha ng tao. Unti-unting lumiwanag ang aking kamalayan. Biglang kumulo ang aking dugo habang iniisip ang nakasampay na lambat. Nagdilim ang aking paningin. Nadama kong inihahanap ko ng katarungan ang aking kalagayan.



Nagpunta ako sa kusina. Hinanap ko ang itak ni nanay na pansibak ng kahoy. Bitbit ko ito at pinuntahan ang sampayan ng lambat. Pinagtataga ko ang lambat.

"Huwag, Celso!" saway ni nanay na nanginginig ang boses. "Huwag!" Naiiba sa aking pandinig ang sigaw ni nanay. Pati si tatay ay natigilan at nabigla sa aking ginawa, ngunit hindi ko pinansin. Hinalibas ko ng itak ang lambat at saka lang ako tumigil nang ito ay magkagutay-gutay na at nagkalat sa aking paanan.

"Celso!" Nag-aapoy ang mga mata ni tatay na humarap sa akin. Sa unang pagkakataon ay hindi ko inalis ang aking tingin sa kaniya. Nilabanan ko siya ng titigan. Hindi ako nagagalit, humihingi lamang ng pang-unawa. Ngunit bigla akong napatimbuwang nang matamaan ng malakas na suntok at napahiga sa pira-pirasong wasak na lambat.

Nahihilo ako, parang ibig himatayin. Umikot ang aking paningin. Parang may nakita akong anino si tatay na sumusurot kay nanay.

"Ngunit, Tomas," nagmamakaawa si nanay. "Wala siyang kasalanan. Maawa ka sa kaniya."


Copyright © 2018 Quipper Limited

"Pumanhik ka, Isidra!" singhal ni Tatay. "Pumanhik ka na habang ako ay nakapagpipigil pa."

Dahan-dahan akong bumangon at sumuray-suray na lumapit kay tatay. Ngunit isang tadyak ang sumalubong sa akin. Napatihaya ako ngunit tinangka kong makatayo. Mabigat ang pakiramdam ko sa aking katawan at ako ay gumapang. Subalit sinabunutan ako ni tatay at inginudngod sa lupa ang aking mukha. Humihingal ako ngunit hindi ko makuhang umiyak. Nasasalat ko ang magkahalong dugo at pawis sa aking pisngi.

Hindi ko pansin ang mga gasgas sa dalawang siko. Sa labis na panghihina ay umusad ako nang umusad. Hanggang sa ang nangangatog kong mga bisig ay yumapos sa mga binti ni tatay. Naramdaman ko ang panlalamig ng aking katawan at napahandusay sa kaniyang paanan.

Hindi ko na alam kung gaano katagal ang pagkawala ng aking malay. Naramdaman ko na lamang na may maiinit na bisig na yumayakap sa akin. Kinusot ko ang aking mga mata. Sumalubong sa aking paningin ang maamong mukha ni tatay. Pagsisisi. Pag-unawa. Lahat ay kasalungat sa dati niyang gawa. Lalong humigpit ang kaniyang pagyakap at kinabig ang aking mukha sa kaniyang dibdib sa tapat ng kaniyang puso. Matagal.

## Sagutin Natin

1. Ano ang bumabagabag sa isip ni Celso mula pa nang kaniyang pagkabata?
2. Bakit mahigpit na pinagbabawalan ni Tomas ang anak na si Celsona pumunta sa bahay-pawid sa may niyugan?
3. Anong damdamin ang naghari sa wakas ng kuwentong "Paalam sa Pagkabata"?



Copyright © 2018 Quipper Limited

# Aralin 1

# Elemento ng Maikling Kuwento

## Layunin Natin

Pagkatapos ng araling ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang nailalahad ang mga elemento ng maikling kuwento ng Kabisayaan.

## Pag-aralan Natin

Ang **maikling kuwento** ay isang masining na uri ng tuluyang panitikan. Ito ay maiksing paglalahad ng isang pangyayaring kinasasangkutan ng isa o higit pangtauhan, na nag-iiwan ng kakintalansa isip at damdamin ng mga mambabasa, at maaaring hango sa tunay na buhay o bunga lamang ng malikot na imahinasyon ng may- akda.





Copyright © 2018 Quipper Limited



Naniniwala ka bang ayon sa mga pag-aaral, ang pagbabasa ng maikling kuwento ay may kapangyarihang makapagdulot ng mga pagbabago sa buhay ng bawat isang mambabasa? Dahil tulad ng iba pang anyo ng mga akdang pampanitikan, isa rin itong paggagad sa realidad ng buhay, indibidwal man o kolektibo, sa loob ng isang lipunan. Ang mga aral at mensahe ng isang akda ay pinaniniwalaang nag-iiwan ng inspirasyon sa mambabasa upang harapin ang anumang hamon ng buhay, gayundin ay nagiging batayan ang mga ito sa pang-araw-araw na mga gawain at minsanang mabibigat na pagpapasya sa buhay.

Kaya naman dapat nating nalalaman ang mga salik na nagpapatingkad sa sining at ubod ng isang maikling kuwento. Para sa pagpapatibay ng pundasyon ng isang maikling katha, ang sumusunod na mga elemento ay mahalagang batayan sa pagbabasa at pagsusuri ng isang maikling kuwento.

1. **Tauhan**

Itinuturing ito bilang buhay ng kuwento. Ang pag-iral ng tauhan ang puwersang batayan ng pag-inog ng kuwento. May tiyak at magkakaibang katangian ang bawat tauhan sang-ayon sa pangangailangan ng may-akda sa kung paano niya nais mapaunlad ang gagawing paglalahad.

Nauuri naman ang tauhan ayon sa sumusunod:

a. **Protagonista** – ang pangunahing tauhan, karaniwang mabuti
b. **Antagonista** – ang humahadlang sa pangunahing tauhan, karaniwang masama at nang-aapi
c. **Bilog** – nagbabago ang ugali ng tauhan sa pagtatapos ng kuwento, maaaring mula sa mabuti ay nagiging masama o ang masama ay nagiging mabuti
d. **Lapad** – hindi nagbabago ang karakter ng tauhan sa kuwento


Copyright © 2018 Quipper Limited

### 2. Tagpuan

Ito ang lugar na pinangyayarihan ng kuwento at panahunang kinauugnayan ng mga kaganapan. Malaking salik ito sa paghubog ng pagkatao ng bawat tauhan sa kuwento.

### 3. Banghay

Ito ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa akda. Mayroon itong iba-ibang bahagi. Narito ang sumusunod:

a. **Panimula** – Ito ang unang pangyayari sa kuwento na nagpapakilala sa pangunahing tauhan at tagpuan ayon sa sariling estilo ng may-akda. Makapamukaw-interes ito upang huwag bumitiw sa pagbasa ang mambabasa.

b. **Saglit na kasiglahan** – Ito ang panandaliang pagtatagpo ng mga tauhang masasangkot sa suliranin o tunggalian ng kuwento**.**

c. **Suliranin o tunggalian** – Ito ang problemang haharapin ng pangunahing tauhan, sa tulong, gabay o pakikialam ng iba pang kasamahang tauhan sa kuwento. Mayroon itong apat na uring gaya ng sumusunod:
   - Tao laban sa tao – Kalaban ng pangunahing tauhan ang mga tao sa kaniyang paligid.
   - Tao laban sa sarili – Sa tunggaliang ito, kinakalaban mismo ng tauhan ang kaniyang sariling prinsipyo at mga paniniwala.
   - Tao laban sa kapaligiran – Ang tunggaliang ito ay nasa pagitan ng pangunahing tauhan at kaniyang paligid, at maaaring ang mismong lipunan at kalikasan ang kaniyang katunggali.

d. **Kasukdulan** – Ito ang yugtong maaabot ng pangunahing tauhan ang katuparan o kasawian ng kaniyang tunggaliang kinalalaban o suliraning kinahaharap.

e. **Kakalasan** – Ito ang tulay patungo sa wakas.


Copyright © 2018 Quipper Limited

f. **Wakas** – Ito ang nagsasaad ng kahihinatnan ng pakikipagsapalaran ngtauhan at ng kabuuan ng kuwento.



## 4. Paksang-diwa

Tinatawag ding tema, ito ang pangunahing ideyasa loob ng akda. Dahil ito ang nagtataglay ng pinakamahalagang kaisipan, itinuturing itong kaluluwa ng kuwento.

## 5. Kaisipan

Ito ang mensaheng nais iparating ng manunulat sakaniyang mambabasa.

Hindi naman nauubusan ang may-akda ng maaaring isulat na kuwento, gayundin ang mga mambabasa ng maaari nitong kawilihang basahin, sapagkat napakaraming uri ng maikling kuwentong maaaring likhain at tuklasin. Narito ang sampung uri ng maikling kuwento:

1. **Kuwento ng tauhan.** Inilalarawan dito ang mga pangkaugaliang gawain ng mga tauhang nagsisiganap upang bigyan ng kabuuang pang-unawa ang mga mambabasa sa kanilang kultura at gawi.
2. **Kuwento ng katutubong kulay.** Binibigyang-diin dito ang kapaligiran, uri ng pamumuhay sa pamayanan, pananamit ng mga tauhan, at hanapbuhay ng mga tao sa tiyak nitong lunan.
3. **Kuwento ng bayan.** Inilalatag dito ang mga kuwentong patok sa kasalukuyan para sa mamamayan ng isang pook, na pangunahing lunan ng kuwento.
4. **Kuwento ng katatakutan.** Naglalaman ito ng mga pangyayaring kasindak-sindak.
5. **Kuwento ng kababalaghan.** Nagsasalaysay ito ng mga pangyayaring hindi kapani-paniwala o kaya ay mahirap paniwalaan.
6. **Kuwento ng katatawanan.** Nagbibigay-aliw, nagpapasaya, at kinikiliti ang kamalayan ng mambabasa.


Copyright © 2018 Quipper Limited

7. **Kuwento ng pakikipagsapalaran.** Nakasaalang-alang sa balangkas ng mgapangyayari ang kawilihan ng kuwento.
8. **Kuwento ng madulang pangyayari**. Nagbibigay-riin ito sa mga kapana-panabik na pangyayaring may kapangyarihang magpabago sa katauhan ngnagsisiganap.
9. **Kuwento ng pag-ibig.** Nakabalangkas ito sa pagsasalaysay ng kuwento ngpagmamahalan ng dalawang taong sila ring pangunahing tauhan ng akda.
10. **Kuwento ng sikolohiko**. Ang damdamin ng tauhang humaharap sa isang masalimuot na kalagayan ay nagagawa ring ipadama at iparanas sa mambabasasa pamamagitan ng mahusay na teknik sa pagsasalaysay ng mga pangyayari ngmay-akda.

## Sagutin Natin

1. Ano ang katuturan ng akdang pampanitikang maikling kuwento?
2. Ano-ano ang mga sangkap na bumubuo sa isang maikling kuwento?
3. Ano-ano ang mga uri ng maikling kuwento?

# Subukan Natin

**Sagutin ang sumusunod na mga tanong.**

1. Ano ang pagkakaiba ng mga elementong paksang-diwa at kaisipan ng isangmaikling kuwento?
2. Ano ang kahalagahan ng pagkakaroon ng tiyak na katangian ang bawat tauhangnagsisiganap sa isang maikling kuwento?

Copyright © 2018 Quipper Limited